OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 22, 2021, LUNES, IKA-09:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN	. . . . .	PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo
Kagalang-galang Louie C. De Leon	. . . . .	Kagawad
Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban	. . . . .	Kagawad
Kagalang-galang Lea A. Almarvez	. . . . .	Kagawad
Kagalang-galang Ramon D. Tan	. . . . .	Kagawad
Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven	. . . . .	Kagawad
Kagalang-galang Efren L. Diaz	. . . . .	Kagawad
Kagalang-galang Lucena R. Odejar	. . . . .	Kagawad
Kagalang-galang Alan T. Pamatmat	. . . . .	Kagawad
Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw	. . . . .	Kagawad/ABC Federation President
Kagalang-galang Regine S. Regalado	. . . . .	Kagawad/ SK Federation President

RECEIVED MAR 2021 Sta. Cruz, Laguna

RELEASED NAME DATE 3.16.21 TIME

KAPASIYAHAN BLG. 180-T2021

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 151-T2020/ KAUTUSANG BARANGAY BLG. 19-T2020 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGLALAAN NG HALAGANG WALONG DAAN ANIMNAPUNG LIBO TATLONG DAAN PITUMPU'T ISANG PISO (P860,371.00) PARA SA 20 BAHAGDANG PONDONG PANGKAUNLARAN (20% DEVELOPMENT FUND) NG BARANGAY SAN PABLO SUR.

SAPAGKAT, ang halagang P860,371.00 ay nakatakdang ilaan sa mga programa, gawain at proyektong pangkaunlaran mula sa 20 bahagdang kabahagi ng rentas-internas ng nabanggit na barangay sa taong 2021;

SAPAGKAT, ito ay tinalakay ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan at napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pagsusuri at pag-aaral;

SAPAGKAT, matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay ay inirekomenda ng nasabing lupon na pagtibayin na ang 20 bahagdang pondong pangkaunlaran ng Barangay San Pablo Sur.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Ramon D. Tan, Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Regine S. Regalado at Kgg. Patrocinia S. Kalaw at sa buong pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

PINAGPASIYAHANG: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 151-T2020 / Kautusang Barangay Blg. 19-T2020 ng Sangguniang Barangay na naglalaan ng halagang P860,371.00 para sa 20 bahagdang pondong pangkaunlaran (20% Development Fund) ng Barangay San Pablo Sur.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY. Pebrero 22, 2021

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

MARIA TERESA ROBLES-LABOG
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. LAARNI A. MALIBIRAN
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. EDGAR S. SAN LUIS
Punong Bayan